

Mga Pamantayan sa Elihibilidad at Pag-recover ng Estate sa Medi-Cal

Para sa Distribusyon ng mga Insurer, mga Ahente,
at mga Broker

Simula noong **Enero 1, 2024**, hindi na binibilang ng programang Medi-Cal ang iyong mga asset kapag tinutukoy kung elihible ka para sa mga benepisyo. Nangangahulugan ito na hindi mo kailangang i-ulat ang iyong mga bank account, mga sasakyan, o mga ari-arian. Titingnan pa rin ng Medi-Cal ang iyong kita upang malaman kung elihible ka. Kabilang dito ang kita mula sa mga trabaho, suporta sa bata at asawa, pagreretiro sa Social Security mga benepisyo sa kapansanan, kita sa upa, at higit pa.

Mga Annuity at Pag-recover ng Estate sa Medi-Cal

Kapag ang isang taong nasa Medi-Cal ay namatay, maaaring humingi ang Medi-Cal ng ilang money-back para sa mga serbisyong nakuha nila noong sila ay 55 o mas matanda. Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng pangangalagang narsing, tulong sa bahay, at ilang mga gastos sa ospital at gamot.

State of California - Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services

Kung ang tao ay hindi nagmamay-ari ng anumang bagay nang sila ay pumanaw o hindi kailangang dumaan sa isang legal na proseso na tinatawag na probate, ang Medi-Cal ay hindi hihingi ng money-back. Maaaring may ilang espesyal na alituntunin o espesyal na kaso kung saan hindi nila ito hihingiin.

Ang ilang mga uri ng mga pinansiyal na planong tinatawag na annuities ay maaaring maging bahagi ng Medi-Cal na humihingi ng money back pagkatapos ng ang isang tao ay pumanaw. Maaari kang matuto nang higit pa sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Medi-Cal Estate Recovery Program sa https://www.dhcs.ca.gov/TPLRD_ER o tumawag sa 1-916-650-0590.

**Para sa mga Indibidwal na Gumagamit ng
Pangangalaga sa Pasilidad ng Narsing**

Kung wala kang asawa, bawat buwan ang karamihan ng iyong kita ay mapupunta sa iyong pasilidad ng narsing o patungo sa iyong pangangalagang narsing. Maaari mong panatilihin ang **\$35 bawat buwan** para sa iyong mga personal na pangangailangan.

Mayroong mga espesyal na alituntunin na maaaring magpahintulot sa iyong ilipat ang ilan o lahat ng iyong kita sa iyong asawa o rehistradong domestikong

State of California - Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services

kapareha. Nakatutulong ang mga alituntuning ito na tiyakin na ang taong nasa bahay ay may sapat na pera upang mabuhay. Minsan, ang isang espesyal na hukom ng korte (administratibong hukom ng batas) ay maaaring hayaan silang matanggap ang higit pang kita mula sa iyo (42 United States Code § 1396r-5).

Nabasa ko ang abiso sa itaas at nakatanggap ako ng kopya.

Lagda ng Purchaser:

_____ Petsa: _____

Lagda ng Asawa o Rehistradong
Domestikong Kapareha:

_____ Petsa: _____

Lagda ng Legal na Kinatawan:

_____ Petsa: _____